# Alameda Alliance Wellness (HMO D-SNP)
# **Benepisyo sa Ngipin**
# **Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ)**

**Pangkalahatang-ideya**
Simula sa Huwebes, Enero 1, 2026, magkakabisa na ang benepisyo sa ngipin ng Health Maintenance Organization Dual Special Needs Plan (HMO D-SNP) ng Alameda Alliance for Wellness. Tingnan ang nasa ibaba para sa isang hanay ng mga madalas itanong (frequently asked questions, FAQs) para matulungan kang maunawaan ang iyong benepisyo.

**T: Kailan magkakabisa ang benepisyo sa ngipin ng Alameda Alliance Wellness?**

**S:** Magkakabisa ang benepisyo sa Huwebes, Enero 1, 2026.

**T: Ano ang Liberty Dental Plan?**

**S:** Nagbibigay na ang Liberty Dental Plan ng mga benepisyo sa ngipin mula pa noong 2001. Ang Liberty ay may mga nakakontratang network ng mga provider na magbibigay ng pangangalaga sa ngipin sa mga miyembro ng Alameda Alliance for Wellness.

**T: Ano ang network ng Eksklusibong Organisasyon ng Provider (EPO)?**

**S:** Ang network ng Eksklusibong Organisasyon ng Provider (Exclusive Provider Organization, EPO) ng Liberty Dental Plan ay ang network ng mga provider na dapat mong gamitin para sa iyong mga benepisyo sa Liberty Dental Plan.

**T: Paano naiiba ang mga benepisyo ng Liberty Dental Plan sa ibinibigay ng Medi-Cal Dental?**

**S:** Nag-aalok ang Alameda Alliance Wellness ng mga benepisyo sa ngipin bukod pa sa mga benepisyo ng Medi-Cal Dental. Isasaayos ang mga benepisyong ito para matiyak na maa-access mo ang iyong mga benepisyo sa Liberty Dental Plan at sa Medi-Cal Dental.

**T: Kailangan bang unahin kong gamitin ang aking mga benepisyo sa Medi-Cal Dental bago ko gamitin ang aking mga benepisyo sa Liberty Dental Plan ng Alameda Alliance Wellness?**

**S:** Liberty Dental Plan ang uunahing singilin ng iyong dentista (provider), at Medi-Cal Dental ang ikalawa, o ang huling tagapagbayad. Kung may mga karagdagang benepisyo na iniaalok at sinasaklaw ang Medi-Cal Dental, kakailanganin ng iyong dentista (provider) na direktang magsumite sa Medi-Cal Dental ng mga claim para sa mga serbisyong ito.

**T: Makakatanggap ba ako ng hiwalay na card para sa ngipin para ma-access ang mga benepisyo sa ngipin?**

**S:** Hindi, hindi ka makakatanggap ng hiwalay na ID card para sa ngipin. Ipakita ang iyong ID card bilang miyembro ng Alameda Alliance Wellness at Medi-Cal ID card sa appointment mo para sa ngipin.

**T: Kailangan ko ba ng referral sa pagpapatingin sa isang espesyalista?**

**S:** Hindi, hindi kinakailangan ng referral sa Liberty Dental Plan.



H2035_26_03065_DSNP_MBR_MO_DBF_C Accepted 01042026

**T: Paano ako makakakuha ng paunang pahintulot (pag-apruba) para sa mga serbisyo?**

**S:** Kapag nagsumite ang dentista (provider) ng paunang pahintulot, makakatanggap ka ng kopya ng pinal na pasya. Puwede ka ring tumawag sa Liberty Dental Plan para sa update tungkol sa isang pahintulot.

**T: Kailangan ko bang maitalaga sa isang dentista o tanggapan para sa ngipin?**

**S:** Hindi kinakailangang maitalaga, pero dapat kang magpatingin sa isang provider na nasa network ng Liberty Dental Plan/Medi-Cal Dental.

**T: Puwede bang panatilihin ko ang aking dati nang provider para sa ngipin sa ilalim ng Medi-Cal Dental?**

**S:** Bumisita sa **https://findadentist.libertydentalplan.com** at piliin ang "Alameda Alliance Wellness D-SNP" para makakita ng provider na bahagi ng network ng Liberty Dental Plan. Ang lahat ng provider na nakalista sa direktoryo ng provider ay provider ng Liberty Dental Plan at Medi-Cal Dental. Dapat ay magpatingin ka sa isang provider na nasa network ng Liberty Dental Plan/Medi-Cal Dental.

**T: Ano ang saklaw sa pustiso ng planong ito?**

**S:** Napapailalim sa Medi-Cal Dental ang mga alituntunin sa saklaw sa ngipin.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga benepisyo sa Medi-Cal Dental, makipag-ugnayan sa:

Medi-Cal Dental: Smile, California
Toll-Free: **1.800.322.6384**
TTY: **1.800.735.2922**
**https://smilecalifornia.org/contact-us**

**T: Magkano ang dapat kong bayaran?**

**S:** $0 ang babayaran mo para sa mga sinasaklaw na serbisyo.

**T: Paano kung mayroon akong iba pang pribadong plano sa ngipin? Paano isasaayos ang mga benepisyo?**

**S:** Kung mayroon kang pribadong freestanding na plano sa ngipin, ito ang magiging pangunahing plano, at Liberty Dental Plan ang magiging ikalawang plano.

**T: Paano ako makakakuha ng impormasyon tungkol sa mga sinasaklaw sa ilalim ng planong ito?**

**S:** Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga benepisyo sa ngipin, tumawag sa:

Liberty Dental Plan
Toll-Free: **1.888.704.9838**
TTY: **1.877.855.8039**
**libertydentalplan.com**